# KATITIKAN NG IKA-14 TAUNANG PAGPUPULONG

***"Assurance beyond Uncertainties"***

**CARD MRI Development Institute, Brgy. Tranca, Bay, Laguna**
**September 8 to 9, 2013**

## Unang Araw ng Pagpupulong September 08, 2013

I. Nagsimula ang ika-14 na taunang pagpupulong ng CARD MBA sa ganap na ika-8 ng umaga sa pamamagitan ng panalangin ni BOT Evelyn C. Austero.

Sa pangunguna nina Deputy Director for Operation, Mr. Oliver M. Reyes at Provincial Manager, Ms. Aileen B. Castro bilang Masters of Ceremony ay binati ang lahat ng mga nagsidalo; mula sa mga representatives ng Luzon, mga MBA Coordinators ng Visayas at Mindanao, mga dating Pangulo ng CARD MBA, mga bisita mula sa RIMANSI, gayundin ang mga kasalukuyang Lupon ng Patnugot at iba pang bisita. Isang pagbati rin ang ipinabatid para sa lahat ng bumubuo ng CARD MBA sa pangunguna ng General Manager, Ms. May S. Dawat.

II. Kasunod nito ay ang pagtalakay sa House Rules at ang mga magiging kaganapan para sa dalawang araw na pagpupulong sa pamamagitan ng Deputy Director for Admin and Finance Ms. Janet D. Caneo

III. Binati muna ni BOT President Nilda B. Basilan ang lahat ng dumalo sa taunang pagpupulong. Pagpapasalamat din sa CARD MBA at sa lahat ng bumubuo sa CARD MRI sa pagkakataon na ibinigay sa kanya na maging isang Patnugot. Matapos nito ay pormal na niyang binukasan ang pagpupulong.

IV. Focus Group Discussion
Samantala, nagbigay ng paliwanag ang General Manager, Ms. May S. Dawat para sa isasagawang Focus Group Discussion (FGD) na may layuning makakalap ng mga suhestiyon at opinyon mula nagsidalong, Patnugot, kasapi at mga kawani.

1.1 Extension of Basic Life Insurance Program
Ang CARD MBA ay naghahanap ng posibilidad upang mas mapalawig o mas mapahaba ang sakop ng seguro ng mga kasapi matapos ang *mandatory* retirement age.

1.2 RMSI Funeral Benefit
Ang RIMANSI Mutual Solution, Inc. (RMSI) ay isang organisasyon ng RIMANSI kung saan ay naglalayong makapagbigay ng isang serbisyo na makakapaggarantiya ng disenteng libing.

Sa ganap na ika-1:00 na hapon ay inilahad ng In-house Actuary Michael Kelvin N. Junos ang naging resulta ng isinagawang FGD para sa extension of Basic Life Insurance Program na ayon sa apat (4) na grupo, lumalabas na posibilidad na magiging mataas ang kontribusyon. Subalit maaari naman na ikunsidera ang mga naging suhesyon/komento sa mga susunod na pag-aaral.

Kasunod nito ay inilahad din sa pangunguna ng RMSI President Epifanio A. Maniebo, ang naging resulta naman ng FGD para sa RMSI Funeral Benefit, kung saan naging positibo ang naging resulta nito at maaaring maikunsidera sa binubuong programa.

V. Paglalahad ng Bagong Proseso ng Eleksyon
Sa pamamagitan ng Corporate Lawyer Ms. Anatalia F. Buenaventura ay inilahad ang bagong proseso ng paghahalal ng Lupon ng Patnugot. Kung saan nagkaroon ng mga karagdagan at pagbabago sa probisyon sa proseso ng eleksyon ng CARD MBA ayon sa approved Amended By-Laws.

Mula sa labing-anim na nominado, anim (6) ang mahahalal bilang Lupon ng Patnugot at ang mga papalitan naman na nakatapos ng termino ay sina Nilda B. Basilan *(Luzon 2),* Ma. Therese Jane F. Perdito *(Luzon 2),* Teodorica C. Cabling *(Luzon 4),* Añana A. Añil *(Luzon 3),* Maricel A. Ramos *(Luzon 4)* at Evelyn A. Austero *(Luzon 4).*

VI. Paglalahad ng Tungkulin at Alituntunin ng Lupon ng Patnugot

Inilahad ng Program & Relations Manager, Ms. Arlene R. Umandap ang gagampanang tungkulin ng isang Lupon ng Patnugot. Sinundan ito ng proseso ng isasagawang pagboto ng bagong Lupon ng Patnugot at pagpapakilala sa 16 na nominado.

Natapos ang unang araw ng pagpupulong sa ganap na ika-5 na hapon.

**Ika-2 araw ng pagpupulong September 09, 2013**

Bilang pagpapasimula sa pormal na araw ng Annual General Membership Meeting, sinimulan ito sa ganap na ika-8 ng umaga sa pamamagitan ng isang panalangin sa pangunguna ng mga mag-aaral mula sa San Pablo National High School. Sinundan ito ng pag-awit ng Pambansang-awit at CARD MRI Hymn.

Binati ng mga emcees ang mga bisita, kasama na dito sina Ms. Arlette Umali at Atty. Jomer Aquino *(CARD MBA Independent Trustees),* Mr. Jun jay Perez *(RIMANSI Executive Director)* Atty. Ana Buenaventura at Atty. Rodalice Cabe *(Corporate Legal Unit),* Ms. Nilda Basilan *(CARD MBA President),* Ms. Deverna Briones *(CARD MBA Chairperson Management Advisory Committee),* Ms. Cynthia Baldeo (CARD SME Bank, Inc. Vice-President) Ms. Marilyn Manila (*Community Development Group Director)*, Ms. Aristeo Dequito *(CARD-BDSFI President),* Mr. Vener Abellera *(CaMIA President),* at ang Management Committee ng CARD MBA, mga MBA Staff mula sa ibat-ibang Provincial Offices, mga dating Pangulo ng CARD MBA, mga MBA Coordinators, at ang iba pang Panauhin mula sa ibat-ibang sangay ng CARD MRI.

I. Pambungad na Pananalita

Nagbigay ng paunang bati ang General Manager ng CARD MBA, Ms. May Dawat. Inilarawan niya ang pagtitipon bilang "Araw ng mga Kasapi" dahil bukod sa AGMM ay ipinagdiriwang din sa araw na ito ang "Microinsurance Day ng buong CARD MRI". Binanggit niya na ang mahahalagang bahagi ng pagtitipon ay ang paglalahad ng mga naganap noong taong 2012 at ang paghahalal ng mga bagong miyembro ng Lupon ng Patnugot.

Ipinaliwanag din ni Ms. May Dawat ang iba pang programa ng CARD MRI upang matulungan ang mga mahihirap na Pilipino katulad ng "Microfinance for the harder to reach poor." Hindi tumitigil ang CARD MRI, maging ang CARD MBA, na patuloy na mag-isip at mag-aral ng mga bagong produkto para sa ikabubuti ng mga kasapi. Ito ang dahilan kung bakit nagkaroon ng Focus Group Discussion noong unang araw ng pagtitipon upang makuha ang opinyon ng mga miyembro.

Tinalakay din ang Amended Insurance Code ng Pilipinas (Republic Act (RA 10607) na naaprubahan ngayong August 2013 partikular sa mga probisyon na may kaugnayan sa microinsurance at mutual benefit association. Dahil sa bagong probisyon na ito, mas mapapaigting ang compliance at governance upang mas mabantayan pa ang pondo ng mga miyembro.

Masaya ring ibinalita ng General Manager na ang CARD MBA at RIMANSI ang napiling maghost ng ICMIF-AOA Development Network Seminar. Ito ay dadaluhan ng mga internasyonal at lokal na mga organisasyon.

Sa pagtatapos ng kanyang pananalita, malugod niyang pinasalamatan ang buong management ng CARD MRI at RIMANSI sa suportang ibinigay ng mga ito sa nagaganap na AGMM.

II. *Proof of Quorum* at Pagbasa/pagpapatibay sa nakaraang katitikan

Inilahad ni BOT Secretary Ma. Therese Jane F. Perdito ang proof of quorum na kung saan nagkaroon ng 788,369 na proxy votes mula sa 1,056,776 na kasapian kaya't idineklarang may *quorum* sa total na 75%. Dahil dito, maaari nang pormal na isagawa ang pagpupulong gayundin ang paghahalal ng mga bagong Lupon ng Patnugot.

Binasa rin ni BOT Perdito ang katitikan ng ika-13 taon ng pagpupulong at ito ay pinagtibay sa pamamagitan ng mungkahi ni BOT Treasurer Teodorica C. Cabling at pinangalawahan naman ni BOT Lucy S. Gonzales, dahil dito ay pinagtibay ang katitikan ng ika-13 taunang pagpupulong na ginanap noong ika-09 ng Setyembre 2012.

III. Business Arising

Iminungkahi ni GM May Dawat na bigyang linaw ni CaMIA President Vener S. Abellera ang mga tanong noong nakaraang pagpupulong.

Unang tinalakay ang pagpapatuloy ng mga myembro na mahigit 70 taong gulang na makatanggap pa din ng seguro. *Sagot: Sa ngayon ay hanggang 70 taong gulang pa lamang ang maaaring masakop sa PAID Plan. Gayundin, patuloy pa ring pinag-aaralan ang iba pang produkto na maaaring maibigay sa hinaharap.*

Naging katanungan din noong nakaraang taon ang maaaring produktong naaangkop kung ang isang myembro o benepisyaryo na naaksidente na walang anumang bahagi ng katawan ang naputol ngunit nawalan ng kakayahang magtrabaho.*Sagot: Ipinaliwanag ni Mr. Abellera na ang bawat produkto ng insurance ay may iba't-ibang disenyo. Ito ay patuloy pang sinusuri at pinag-aaralan.*

IV. Ulat ng Pangulo

Sa ulat ni BOT President Nilda B. Basilan inilahad niya sa pamamagitan ng isang presentation na naglalaman ng lahat ng kaganapan sa CARD MBA para sa taong 2012. Kasama na dito ang bilang ng mga myembro at pamilyang naiseguro ng CARD MBA, mga nabigyan ng claims,status ng 1-3-5 day target sa pagbabayd ng benepisyo at iba pa.

V. Paghahalal ng Lupon ng Patnugot

Ipinaliwanag ng Chairperson Management Advisory Committee, Ms. Deverna Briones, ang pagkakaiba ng eleksyon sa taong ito kumpara sa mga nakaraang taon. Ngayon ay mayroong nabuong tatlong committee para sa eleksyon: Cluster Nomination Committee, Central Selection Committee, at Election Committee. Dahil dito, makakasigurong ang mga nominado ay dumaan sa isang masusing proseso.

Ang Election Committee ay binubuo ni Mr. Aristeo Dequito (CARD-BDSFI), Ms. Elma Valenzuela (CARD, Inc.) at Ms. Cynthia Baldeo (CARD SME BANK, Inc.) Isa-isa nilang ipinakilala ang bawat nominado at ipinaliwanang din nila kung paano isasagawa ang pagboto.

Matapos ang pagpapaliwanag ay inumpisahan naman ang proseso ng eleksyon kung saan dumako na ang mga Lupon ng Patnugot at mga nominado sa voting precinct upang bumoto. Matapos ang tatlumpong minuto ay dinala na sa auditorium ang nakaselyong ballot box upang bilangin.

Unang binilang ang numero ng mga balota. Dalawampu't siyam lahat ang balota. Matapos ay isa-isa nang binilang ang mga boto. Mayroong isang balotang hindi kwalipakado dahil sa kakulangan ng lagda ng bumoto.

Mula sa mga nominado, ang mga sumusunod ang naging resulta ng halalan at ang bilang ng kanilang naging boto.

| CLUSTER | PANGALAN NG NOMINADO | BILANG NG BOTO |
|---|---|---|
| LUZON 1 | Rosemarie P. Alperez | 253, 123 |
| | Adoracion C. Balmonte | 535,258 |
| LUZON 2 | Nancy M. De Jesus | 281,227 |
| | Nora R. Magallanes | 204,455 |
| | Charito L. Rivera | 302,699 |
| LUZON 3 | Virginia D. Baldo | 372,594 |
| | Angelita D. Ismael | 328,820 |
| | Zenaida F. Javilinar | 294,293 |
| | Millette Jane M. Malanya | 306,152 |
| | Merlita R. Rodegerio | 274,902 |
| LUZON 4 | Janita L. Aguado | 209,599 |
| | Mary C. Barquin | 32, 481 |
| | Genalyn R. Rivadeniera | 445,900 |
| | Edna B. Royo | 357,514 |
| | Vivian L. Saberon | 245,650 |
| | Ofelia C. Segui | 285,618 |

Sa pagtatapos ng eleksyon, ang mga sumusunod ang bagong nahalal na Lupon ng Patnugot;

| CLUSTER | PANGALAN | BILANG NG BOTO | TERMINO |
|---|---|---|---|
| Luzon 1 | Adoracion C. Balmonte | 535,258 | 2 taon |
| Luzon 2 | Charito L. Rivera | 306,699 | 2 taon |
| Luzon 3 | Virginia D. Baldo | 372,594 | 2 taon |
| | Angelita D. Ismael | 328,820 | 2 taon |
| Luzon 4 | Genalyn P. Rivadeniera | 445,900 | 2 taon |
| | Edna B. Royo | 357,514 | 2 taon |

VI. Mga Mensahe

Nagbigay ng mga mensahe sina Mr. Jun Jay Perez*(RIMANSI Executive Director)*, Ms. Elma Valenzuela*(CARD Inc. Executive Director)*, Ms. Flordeliza L. Sarmiento *(Rizal Rural Bank,Inc. President)*, Ms. Mary Jane Perreras *(CARD SME President & CEO)*, at Dr. Jaime Aristotle B. Alip *(CARD MRI Managing Director)*. Pinalakas nila ang loob ng mga bagong nahalal na mga Patnugot at nagpasalamat sa mga Patnugot na natapos na ang termino.

Isa-isang binanggit ni Dr. Alip ang mga kontribusyon ng bawat Pangulo sa mga nakalipas na panahon. Nagpasalamat din si Dr. Alip at muling hinamon ang mahahalal na Pangulo na lalo pang pangalagaan ang pondo ng CARD MBA. Pinaalalahanan din niya ang mga MBA Coordinators na patuloy na ipaliwanag sa kanilang mga pamilya ang mga benepisyo ng pagiging kasapi ng CARD MBA.

VII. Pagbibigay ng Plaque sa mga Dating Lupon ng Patnugot

Bago ipamigay ang mga *plaque of appreciation* para sa mga magtatapos ng termino na mga Lupon ng Patnugot, isang maikling video presentation ang inihanda upang magbigay pugay at pasasalamat sa mahusay na pagganap sa kanilang tungkulin at sa lahat ng kanilang naging kontribusyon sa CARD MBA.

VIII.Presentation of the Newly Elected Board of Trustees/Pledge of the New Board of Trustees

Isa-isang tinawag sa entablado ang mga bagong nahalal na Patnugot. Kasunod nito ay ang mga mananatiling Patnugot. Isinagawa ang panunumpa ng mga bagong halal na Lupon ng Patnugot sa pangunguna ng CARD MRI Managing Director Dr. Jaime Aristotle B. Alip.

IX. Panunumpa ng mga MBA Coordinators

Isinagawa ang panunumpa ng mga MBA Coordinators sa pangunguna ng BOT President Nilda B. Basilan.

X. Pangwakas na Pananalita

Nagbigay si GM May Dawat ng pangwakas na pananalita. Nagpasalamat siya sa lahat ng mga dumalo at sumuporta sa ginanap na AGMM. Ipinabatid rin niya rin ang magaganap na botohan para sa posisyon ng Pangulo, Sekretarya, at Ingat-yaman ng Lupon ng mga Patnugot.

Natapos ang ika-14 na taunang pagpupulong sa ganap na ika 12:50 ng hapon.

| Inihanda ni: | Sinuri ni: | Pinatunayan ni: |
|---|---|---|
| **Melanie T. Elpa** | **Charito L. Rivera** | **Virginia D. Baldo** |
| Executive Assistant/<br>Assistant to the Corporate Secretary | Corporate Secretary | President |